

# Saligang Batayan Ng Hati-Hating Pagpasok

Alinsunod sa pagpapahaba ng pansamantalang pagsasara nang eskwelahan dahil sa COVID-19, at upang maihanda ang mga mag-aaral na makapask ngayong Unang semestre, gayun din upang masundan ang kanilang kalusugan at kapakanan, ang “distributed attendance” o Hati-Hating Pagpasok ay ipapatupad sa bawat eskwelahan, hahatiin sa pamamagitan ng pook o kaya Grado o Baitang, habang tinitiyak ang masusing pagpipigil ng impeksyon.

## 1 Pagpigil Ng Impeksyon.

- Dobleng pagsusuri ng kondisyon ng kalusugan at temperatura, bukod pa sa mga ginagawang pagsusuri sa inyong tahanan.
- Pagsusubaybay sa kondisyon ng kalusugan ng mga guro at kawani.
- Ang lubos na paghuhugas ng kamay at pag-sanitize.
- Tamang bentilasyon ng hangin at paglilinis ng lugar.
- 2 metrong distansya bawat estudyante (kung walang takip ang mukha)Huwag pumasok ang estudyanteng may sintomas ng sipon.

## 2 Paraan Ng Pagpasok.

Batay sa ulat ng mga lksperto na “kapag ang isang tao ay may mahinang sintomas at kasama sa panglabas na gawain o kasama sa aktibidades na limitado ang pagkaugnay ng malapitan sa tao sa tao, at pinanatili ang tamang distansya habang nag-uusap sa isa’t-isa, ang panganib ng paghawa ay lubos na mababa.” (MHLW Expert Panel on COVID-19), Ang mga sumusunod ay ang pangangasiwa ng pagpasok:

- Ang mga mag-aaral ay papasok ng grupo, hahatiin sa pamamagitan ng Baitang o Purok.
- Mga Pamublikong lugar gaya ng local na gymnasium o gusaling bayan ay maaaring gamitin.
- Sa pangkasalukuyan, limitado ng isang oras ng pasok kada linggo.

## 3 Nilalaman.

- Sa unang araw, Pagtuturo ng tamang paraan upang mapigilan ang pagkalat ng impeksyon.
- Pagsusuri ng kondisyon ng kalusugan ng mag-aaral.
- Payo at patnubay para sa pag-aaral sa bahay.

## 4 Iba pa.

- Hindi katulad ng regular na pagpasok sa eskwelahan, Unlike regular school attendance, may posibilidad na hindi makapasok ang isang mag-aaral sa mga araw ng Hati-Hating pagpasok(distributed attendance) dahil sa sariling pagpapasiya o pasiya ng magulang.
- Dahil sa iba’t-ibang paraan ng pagpasok sa paaralan, gayun din ang kakayahan na magbigay ng tagubilin sa pamamagitan ng email, at iba pa, sa mga nasa Mataas na Paaralan at ang mga indibiduwal na nangangailangan ng pag-aalaga mula sa Eskwelahan na may Espesyal na pangangailangan, ang paraan ng pagsasakatuparan ng “Distributed Attendance” (o Hati-Hating Pagpasok)ay bukod-bukod na ibabalangkas.